

KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANLIPUNAN
Sangay ng Mga Serbisyong Pangkalusugan sa Pag-uugali

GERALD HUBER

Director
GRHuber@solanocounty.com
(707) 784-8400

DEBBIE VAUGHN

Assistant Director
DVAughn@solanocounty.com
(707) 784-8401



SOLANO
COUNTY

SANDRA SINZ, LCSW

Behavioral Health Director
SLSinz@solanocounty.com

EMERY COWAN, LPCC

Deputy Behavioral Health Director
ECowan@solanocounty.com

(707) 784-8320

**ABISO NG BBS SA MGA KLIYENTE NA TUMATANGGAP NG MGA SERBISYONG
PSYCHOTHERAPY MULA SA SOLANO COUNTY MENTAL HEALTH PLAN**

PAANO MAGSUMITE NG REKLAMO

Para sa mga serbisyong ibinigay ng sinumang hindi lisensyado o hindi rehistradong provider:

Ang Solano County Behavioral Health Quality Improvement Unit ay tumatanggap at tumutugon sa mga reklamo tungkol sa pagsasagawa ng psychotherapy ng sinumang hindi lisensyado o hindi rehistradong provider na nagbibigay ng mga serbisyo sa Solano County Mental Health Plan. Maaari kang magsumite ng form ng hinaing (reklamo), na matatagpuan sa mga lobby ng lahat ng mga klinika para sa iyong kaginhawaan, o maaari kang tumawag sa Linya ng Paglutas ng Problema sa (800) 459-9914 upang maghain ng reklamo.

Para sa mga serbisyong ibinigay ng sinumang lisensyado o rehistradong provider:

Ang Board of Behavioral Sciences ng Estado ng California ay tumatanggap at tumutugon sa mga reklamo patungkol sa mga serbisyong ibinigay ng mga lisensyado o nakarehistrong kawani sa loob ng saklaw ng pagsasanay ng mga marriage and family therapist, mga lisensyadong educational psychologist, mga klinikal na social worker, o mga propesyonal na clinical counselors. Maaari kang makipag-ugnay sa board online sa <https://www.bbs.ca.gov/>, o sa pagtawag sa (916) 574-7830. Bilang karagdagan, maaari kang magsumite ng form ng hinaing (reklamo) sa Unit ng Pagpapasulong ng Kalidad ng Solano County, na matatagpuan sa mga lobby ng lahat ng mga klinika para sa iyong kaginhawaan, o maaari kang tumawag sa Linya ng Paglutas ng Problema sa (800) 459-9914 upang maghain ng reklamo.

Kung mayroon kang reklamo at hindi sigurado kung lisensyado o nakarehistro ang iyong practitioner, mangyaring makipag-ugnayan sa Board of Behavioral Sciences sa 916-574-7830 para sa tulong o gamitin ang tampok ng board na online na pag-verify ng lisensya sa pamamagitan ng pagbisita sa www.bbs.ca.gov

Ang Solano Mental Health Plan ay makakatulong sa iyo sa anumang mga tanong mo tungkol sa paunawang ito. Para sa tulong, maaari kang tumawag sa Solano Mental Health Plan 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon sa (800) 459-9914. Kung may problema ka sa pagsasalita o pandinig, mangyaring tawagan ang numero ng TTY / TTD (800) 735-2922 para sa tulong.

Kung kailangan mo ang paunawang ito at/o iba pang mga dokumento mula sa Solano Mental Health Plan sa isang alternatibong format ng komunikasyon tulad ng malaking font, Braille, o isang elektronikong format, o, kung nais mo ng tulong sa pagbabasa ng materyales, mangyaring makipag-ugnayan sa Solano Mental Health Plan sa pamamagitan ng pagtawag sa (707) 784-8323.